

## TRANSISYON: ISANG POSITIBONG SIMULA SA PAARALAN

Mga patnubay upang tulungan ang mga pamilya sa pagkumpleto ng *Transition Learning and Development Statement*

### BAKIT MAHALAGA ANG ISANG POSITIBONG SIMULA SA PAARALAN?

Ang positibong simula sa paaralan ay hahantong sa mas mahusay na kalalabasan sa pagkatuto at kagalingan ng iyong anak sa transisyon at pagkatapos nito. Ang pagtiyak sa mabisa at positibong mga transisyon ay sumusuporta rin sa patuloy na pagkatuto at pag-unlad ng iyong anak. Ang pagbibigay-diin sa pagpapatuloy ng pagkatuto ay pagpapalawak sa nauna at kasalukuyang mga karanasan ng iyong anak ay tumutulong sa kanya na makadama ng ligtas, magtiwala sa sarili at maging konektado sa mga tao, lugar, kaganapan, routine at pag-unawa. Ang pagkakaroon ng isang positibong simula sa paaralan ay may direktang ugnayan sa pagtataguyod ng kaligatan (resilience) sa mga kabataan.

### ANO ANG TRANSITION LEARNING AND DEVELOPMENT STATEMENT?

Ang mga serbisyo sa unang bahagi ng pagkabata, paaralan, Pangangalaga sa Labas sa mga Oras sa Paaralan (OSHC) at mga pamilya ay magkakatuwang lahat sa pag-aaruga sa pagkatuto at kagalingan ng mga bata. Upang gawing mas madali ang pagbahagi ng impormasyon sa pagitan ng mga serbisyo, paaralan at pamilya, isang Transition Learning at Development Statement (Pahayag sa Transisyon) ang sinulat ng serbisyo sa unang bahagi ng pagkabata para sa bawat bata bago sila ay pumasok sa paaralan.

Ang Pahayag sa Transisyon ay nagbabahagi ng impormasyon tungkol sa pagkatuto, pag-unlad at kagalingan ng iyong anak sa mga serbisyo sa unang bahagi ng pagkabata at mga paaralan. Ang Pahayag sa Transisyon ay nagbibuod ng mga interes, kasanayan at kakayahan ng bata at kinikilala ang mga indibidwal na mga pamamaraan atistratehiya sa pagtuturo upang suportahan ang iyong anak sa kanyang paglakbay sa pagkatuto.

Ang Pahayag sa Transisyon ay maaaring makatulong sa iyo upang maunawaan, sumuporta, makipag-usap tungkol at magtaguyod sa pagkatuto ng iyong anak habang siya ay nasa transisyon sa paaralan. Ang impormasyon sa Pahayag sa Transisyon ay tutulong upang makilala ang iyong anak ng mga guro sa prep at maplano ng naaangkop na mga programa ng pagkatuto at pagtuturo. Kung ikaw ay nagpaplanong ipasok ang iyong anak sa OSHC, ang Pahayag sa Transisyon ay tumutulong din sa mga tagapagturo ng OSHC na planuhin ang pakikisalamuha ng iyong anak sa serbisyo ng OSHC at suportahan ang pagpapatuloy sa pagitan ng mga kalagayan.

Ang Pahayag sa Transisyon ay naglalaman ng ilang personal na impormasyon kabilang ang pangalan ng iyong anak, petsa ng kapanganakan at larawan, iyong pangalan at mga detalye ng kontak. Maaari rin itong naglalaman ng mga pangalan at mga detalye ng kontak ng iba pang mga propesyonal sa unang bahagi ng pagkabata na sumusuporta sa iyong anak.

Ang pag-ambag sa Pahayag sa Transisyon ng iyong anak ay isa sa mga gawain sa transisyon sa paaralan na maaaring salihan ninyo ng iyong anak bago magsimula ang klase at sa buong taon ng paaralan.

### ALING BAHAGI NG PAHAYAG SA TRANSISYON ANG AKING PUPUNAN?

Seksyon 1 at 1.1 ay pupunan ng guro ng iyong anak sa unang bahagi ng pagkabata.

Seksyon 1.2 ay maaaring punuan ng guro sa unang bahagi ng pagkabata ng iyong anak kung ang iyong anak ay may naantalang pag-unlad o kapansanan. Ang iba pang propesyonal sa unang bahagi ng pagkabata na sumusuporta sa iyong anak ay maaari ring mag-ambag sa seksyon na ito.

Seksyon 2: *Ang Anak* ay pupunan ng iyong anak kaagapay ang nakatatandang kapalagayang-loob niya. Maaaring kasama ka rito o ang guro ng iyong anak sa unang bahagi ng pagkabata.

Seksyon 3: *Ang Pamilya* ay para iyong punuan. Mahalagang magdagdag ka ng iyong mga pananaw sa Pahayag sa Transisyon ng iyong anak. Ang seksyon na ito ay naglalaman ng serye ng mga katanungan upang alistuhin ka. Ang pagsagot sa ilan o lahat ng mga tanong na ito ay maaaring makatulong sa guro ng iyong anak at sa tagapagturo ng OSHC (kung naaangkop) na tumugon sa naaangkop na mga paraan upang ang iyong anak at ang iyong pamilya ay makasusuporta sa pagkatuto at pag-unlad ng iyong anak.

---

### **ANO ANG MANGYAYARI KAPAG NAPUNAN KO NA ANG AKING BAHAGI SA PAHAYAG SA TRANSISYON?**

Kapag napunan mo na ang Seksyon 3: *Ang Pamilya* ibalik ang seksyon sa guro ng iyong anak sa unang bahagi ng pagkabata. Kung natulungan mo na ang iyong anak na sagutan ang *Seksyon 2: Ang Bata*, ibalik ito kasama ang Seksyon 3.

Pagsasamahin lahat ng tagapagturo ng iyong anak sa unang bahagi ng maagang pagkabata ang mga seksyon ng Pahayag sa Transisyon at bibigyan ka ng isang kumpletong kopya.

Ang edukador ng iyong anak sa unang bahagi ng pagkabata ay magbabahagi rin ng kopya ng nakumpletong Pahayag sa Transisyon sa paaralan ng iyong anak at sa serbisyong OSHC (kung naaangkop).

Kung hindi ka sigurado kung aling paaralan ang papasukan ng iyong anak, ang guro sa Unang bahagi ng pagkabata ng iyong anak ay magbibigay sa iyo ng pangalawang kopya ng Pahayag sa Transisyon upang may maibigay kang kopya sa paaralan ng iyong anak sa pagpalitisa I.

Kung ang Seksyon 3: *Ang Pamilya* ay hindi naibalik sa serbisyo, ang guro ng iyong anak ay magbabahagi ng kinumpletong mga seksyon sa paaralan ng iyong anak at serbisyong OSHC (kung naaangkop) at magbibigay sa iyo ng kopya ng anumang ibinahagi para itabi mo.

Tinukoy sa pananaliksik at feedback mula sa mga paaralan na ang pagbabahagi ng impormasyong ito ay sumusuporta sa matagumpay na transisyon sa paaralan. Gayunpaman, kung ayaw mong ibahagi ang anumang mahalagang impormasyon tungkol sa iyong anak sa paaralan ng iyong anak, mangyaring talakayin ito sa tagapagturo ng iyong anak sa unang bahagi ng pagkabata.

### **PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON**

Mangyaring bisitahin ang [www.education.vic.gov.au/transitiontoschool](http://www.education.vic.gov.au/transitiontoschool)

Ang dokumentong ito ay isinalin sa maraming wika sa komunidad na makukuha sa [www.education.vic.gov.au/transitiontoschool](http://www.education.vic.gov.au/transitiontoschool).